



Maari Kang Maging Kaibigan ng Diyos!

Leksyon 8

1. Paano isinasalarawan ang ugnayan ni Enoc sa Diyos?

Genesis 5:22, 24 _____

2. Ano ang sinabi tungkol kay Noe?

Genesis 6:9 _____

3. Ano ang itinawag kay Abraham?

Santiago 2:23 _____

4. Paano nakipag-usap ang Panginoon kay Moises?

Exodo 33:11 _____

5. Ang uri ba ng ugnayang ito ay para lamang sa kanila?

Josue 1:5 _____

6. Ano ang kahalintulad na maging malapit sa Diyos?

Awit 16:11 _____

“Nguni't ang landas ng matuwid ay parang maliyab na liwanag, na sumisilang ng higit at higit sa sakdal na araw.” *Kawikaan 4: 18*

7. Ano ang nangyayari sa atin sa pagtingin natin sa kalualhatian ng Diyos?

2 Corinto 3:18 _____

8. Anong oras sa araw ang ibinukod ni David para sa pananalangin?

Awit 5:3 _____

9. Limitado lang ba sa umaga ang panalangin ni David?

Awit 55:17 _____

10. Anong hindi nag-aalinlangang gawi ni Daniel?

Daniel 6:10 _____

11. Anong halimbawa ang ipinakita sa atin ni Jesus?

Marcos 1:35 _____

12. Ano ang kalimitan Niyang ginagawa sa hapon?

Mateo 14:23 _____

13. Gaano kahalaga ang panalangin?

1 Tesalonica 5:17 _____

“Sila'y dapat magsipanalanging lagi.” *Lucas 18: 1*

14. Gaano tayo maaring maging malapit kay Jesus?

Juan 15:7 _____

“Aking hinanap ang Panginoon, at sinagot niya ako, at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga katakutan.”
Awit 34: 4

15. Anong dahilan ang ibinigay ni Jesus sa Kanyang pagtitiwala sa presensiya ng Kanyang Ama?

Juan 8:29 _____

16. Sa anong saligan tinutupad ng Diyos ang ating mga kahilingan?

1 Juan 3:22 _____

Ang Biblia ay nagbibigay ng malinaw na mga alituntunin para sa panalangin:

- a. Tayo dadalangan sa Diyos Ama sa pangalan ni Jesus (Juan 16: 23).
- b. Tayo ay lalapit sa Diyos na may pananampalataya, naniniwalang Kanyang dinirinig at Kanyang sasagutin ang ating panalangin (Mateo 21: 22, Hebreo 11: 6, Santiago 1: 6)
- c. Tayo ay umaasa sa Kanya na diringgin ang ating mga panalangin ayon sa Kanyang kalooban (I Juan 5: 14).
- d. Walang halaga ang walang kabuluhang paulit-ulit (Mateo 6: 7).
- e. Ang layunin ng panalangin ay ang magbigay ng kalualhatian sa Diyos (Juan 14: 13).

17. Ano hindi ko maaring gawin at umasa na pakikingan ako ng Diyos?

Awit 66:18 _____

Upang makapanalangin ng katanggap-tanggap kailangan nating makipag-ayos sa sinumang naka-samaan natin (Mateo 5: 23, 24), at tanggalin ang anumang hinanakit na mayroon tayo laban sa iba (Markos 11: 25, 26).

18. Para kanino tayo dapat manalangin? Para lang ba sa ating mga sarili?

Santiago 5:16 _____

19. Gaano kabisa ang panalangin?

Santiago 5:16 _____

“Sapagka't ang mga mata ng Panginoon ay nasa mga matuwid, At ang kaniyang mga pakinig ay sa kanilang mga daing.” 1 Pedro 3: 12

20. Bakit minsan tinatanghihan ng Diyos ang ating mga kahilingan?

Santiago 4:3 _____

21. Anong pananalita ang idinagdag ni Jesus sa Kanyang panalangin?

Lucas 22:42 _____

22. Gaano kahalaga na makilala natin ang Diyos?

John 17:3 _____

Ang pagkakilala sa Diyos ay higit pang mahalaga kaysa karunungan, kalakasan, at mga kayamanan (Jeremias 9: 23, 24).

23. Ano ang lihim sa espirtual na tagumpay?

Awit 119:11 _____

Ang salita ng Diyos “ay sasa iyong puso; At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon.” Deuteronomio 6: 6,7

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

- O** Ninanais kong lumakad malapit sa Diyos.
- O** Pinili kong maglaan ng pangunahing oras bawat araw sa pananalangin.
- O** Ninanais kong gawin ang salita ng Diyos na pangunahin sa aking tahanan.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Ano ang Nangyayari sa mga Tao Kapag Sila ay Namatay?*